# Mungkahing Modyul sa Komunikasyon at Pananaliksik Sa Wika at Kulturang Pilipino: Bisa sa Pagtuturo Sa mga Mag-aaral sa Ika-11 Baitang sa Balete Senior High School

This study resource was shared via CourseHero.com

**MARINELL ACLAN DEL MUNDO**

**JOAN O. ATIENZA**

**KARINA MAE A. MARTINEZ**

Agosto, 2019

Balete Senior High School

Balete, Batangas

This study source was downloaded by 100000833617761 from CourseHero.com on 10-07-2021 07:47:31 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64078710/ac-brigadadocx/

**Mungkahing Modyul sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino: Bisa sa Pagtuturo sa mga Mag-aaral sa Ika-11 Baitang sa Balete Senior High School**

## II. Konteksto at Rasyonale

Sa programang K-12, layunin ng pagtuturo na malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo, mapanuring pag-iisip, pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig.

Bilang Guro, isang katotohanan na walang katapusan ang paghanap at pagdukal ng mga kagamitan at estratehiyang makatutulong nang malaki upang matugunan ang prinsipyo ng pagtuturo-pagkatuto kasabay rin ng pagsunod sa agos ng pagbabago sa kurikulum at uri ng mga batang tuturuan. Dapat ding matanim sa kanyang isip na ang pinakamahusay na kagamitan at estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ay makatutulong upang mahikayat ang bawat mag-aaral na tinuturuan na making nang may pang-unawa, makatutulong sa mas malalim na pagsusuri at paglinang ng mga kasanayan magpapaunlad sa kaniya bilang mag-aaral tungo sa pagiging mabuting mamamayan.

Anumang karanasan sa bagay na ginagamit ng guro bilang pantulong sa paghahatid ng katotohanan, kasanayan, saloobin, palagay, kaalaman, pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral ay nakatutulong upang maging kongkreto, daynamik

This study source was downloaded by 100000833617761 from CourseHero.com on 10-07-2021 07:47:31 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64078710/ac-brigadadocx/

at ganap ang pagkatuto, (Abad,1996) Sa ikatatamo ng mithiing ito, kailangan ng mga guro ng angkop na estratehiya at kagamitang pampagtuturo tulad ng isang Modyul o isang sariling linangang *kit* na naglalaman ng maraming gawain sa pagkatuto. Espesyal na dinisenyo na binubuo ng mga panuto para sa mga mag-aaral, layunin ng pagkatuto, paksang dapat matutunan at iba pa.

Sa pananaliksik na ito, layunin ng mga mananaliksik na alamin ang bisa ng isang mungkahing Modyul sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa mga mag-aaral sa Ika-11 baitang sa Balete Senior High School.

## II. Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang bisa ng isang mungkahing Modyul sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa mga mag-aaral sa Ika-11 baitang sa Balete Senior High School. Layunin ng mananaliksik na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anong Kompitensi sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino ang nakakuha ng mababang resulta sa unang panahunang pagsusulit?
2. Ano ang bisa ng mungkahing modyul sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral?

## III. Mungkahing Inobasyon, Interbensyon at Stratehiya

Nilalayon ng pananaliksik na ito na mataya ang lebel o antas ng kamalayan at partisipasyon ng mga mahahalagang indibidwal na kabahagi ng programang Brigada

This study source was downloaded by 100000833617761 from CourseHero.com on 10-07-2021 07:47:31 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64078710/ac-brigadadocx/

This study resource was shared via CourseHero.com

Eskwela para sa ligtas at maayos na pagsisimula ng pasukan. Ang resulta ng nasabing pananaliksik ay maaring gamiting batayan sa pagbuo ng mga hakbang at iba pang gawain at istratehiya upang lalong mas maging maayos ang pagsasagawa ng nasabing programa.

Maari ding bumuo ng isang plano ng mga gawain o *Action Plan* na kinapapalooban ng iba't-ibang istratehiya at pamamaraan upang ang mga dating gawi sa pagsasagawa ng nasabing programa ay mas mapagyaman pa para sa mas maayos at matagumpay na pagsasagawa ng Brigada Eskwela sa mga susunod na taon.

## IV. Metodolohiya ng Pananaliksik

### A. Mga Kalahok at iba pang Datos at Impormasyon

Ang pag-aaral na ito na naglalayong alamin ang bisa ng isang mungkahing modyul sa pagtuturo ng komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino sa mga mag-aaral na nasa ika-11 baitang sa Balete Senior High School. Gagamitin ding batayan ang mga mahahalagang dokumento tulad ng Item analysis, *inventory of not mastered competencies, First periodical Test Result at second periodical test results* upang mas maging mabisa ang resulta ng gagawing pag-aaral.

### B. Metodolohiya ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay gagamit ng ekspiremental na pamamaraan na siyang naaayon para sa mahusay na pagsisiwalat ng mga datos base sa kalikasan ng pag-aaral. Gagamitin ang mananaliksik ng resulta ng Una at Ikalawang Panahunang

This study source was downloaded by 100000833617761 from CourseHero.com on 10-07-2021 07:47:31 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64078710/ac-brigadadocx/

pagsusulit upang mataya ang bisa ng ng isang mungkahing modyul sa pagtuturo ng komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino sa mga mag-aaral na nasa ika-11 baitang sa Balete Senior High School.

**C. Pagsusuri ng Datos**

Upang maging malinaw ang presentasyon ng mga datos na makakakalap, gagamitin ng mananaliksik ang istatistikal na pamamaraan na naaayon dito tulad ng

**V. Workplan**

**Talahanayan 1**

| **Aktibidades** | **Durasyon** |
|---|---|
| 1. Pagbuo ng "*proposal*" | Hulyo 2-30, 2019 |
| 2.Pagsusumite ng "*proposal*" | Agosto 19-23, 2019 |
| 3. Pananaliksik ng Kaugnay na Literatura at Kaugnay na Pag-aaral | Setyembre 2-13, 2019 |
| 4. Pagpapagamit ng mungkahing modyul | Oktubre , 2019 |
| 5. Pagtataya sa bisa ng mungkahing modyul | Oktubre , 2019 |
| 6. Pag-aanalisa ng mga datos | Oktubre , 2019 |

**VI. Badyet**

**Talahanayan 2**

| **Materyales** | **Halaga** |
|---|---|
| Papel (Typewriting) | **Php 130.00** |
| Kabuuan | **Php 130.00** |

**VII. Plano para sa Gamit at Diseminasyon ng Resulta ng Pananaliksik**

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000833617761 from CourseHero.com on 10-07-2021 07:47:31 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64078710/ac-brigadadocx/

Batay sa mga datos na makakalap, aanalisahin at bibigyang linaw, layunin ng mananaliksik na gawing batayan ang mga ito ng pamunuan sampu ng mga kaguruan ng Balete Senior High School sa pagsasagawa ng isang plano (*ActionPlan)* upang mas mapataas pa ang antas o lebel ng kaalaman ganoon din ang lebel o antas partisipasyon ng bawat stakeholder para sa lalong ikakatatagumpay ng mga layunin ng “Brigada Eskwela” hindi lamang sa Balete Senior High School kundi sa lahat ng paaralan sa buong bansa para sa kapakanan ng mga mag-aaral.

## VIII. Sanggunian

http://kwf.gov.ph/kasaysayan-at-mandato/
http://wika.pbworks.com/w/page/8021671/Kasaysayan
http://www.gmanetwork.com/news/story/171158/news/nation/kasaysayan-ng-wikang-filipino
http://www.deped.gov.ph/sites/default/files/order/2013/DO_s2013_034.pdf
https://www.scribd.com/doc/56032425/Multilinggwalismo-Salbabida-Ng-Wikang-Filipino-at-Mga-Dayalekto-Bagong-Kahingian-Sa-Global-is-a-Dong file:///C:/Users/mlmcantillo/Downloads/Tanggol_Wika_30_Hunyo_2015.pdf
http://www.academia.edu/7593747/Kasaysayan_ng_wikang_filipino

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000833617761 from CourseHero.com on 10-07-2021 07:47:31 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64078710/ac-brigadadocx/

This study resource was shared via CourseHero.com
This study source was downloaded by 100000833617761 from CourseHero.com on 10-07-2021 07:47:31 GMT -05:00
https://www.coursehero.com/file/64078710/ac-brigadadocx/